



Ang Growing Together Program

Sinusuportahan ng aming Growing Together Program ang mga miyembro sa panahon at pagkatapos ng pagbubuntis, at mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa edad na 3 taong gulang. Iniaalok ang programang ito sa mga miyembro ng Partnership nang libre. Alamin kung paano makakatulong sa iyo ang Growing Together Program.

Nagtatampok ang Growing Together Program ng:

Ang Programa Bago Manganak – makakuha ng hanggang \$50 sa mga gift card!

Hinihikayat ng programang ito ang maagang pangangalaga bago manganak. Makakatanggap ang mga miyembro ng \$25 na gift card para sa pagkuha ng kanilang bakuna laban sa trangkaso habang buntis, at isa pang \$25 na gift card para sa pagkuha ng kanilang bakuna sa Tdap sa pagitan ng 27 linggo at panganganak. Tumawag sa amin upang sumali sa sandaling malaman mong buntis ka.

Makakakuha ka rin ng:

- Isang tawag sa pagtanggap pagkatapos ng referral
- Hanggang sa 3 tawag sa telepono sa pag-check in sa buong programa
- Impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng doula
- Suporta para sa mga pagpapatingin bago manganak
- Mga referral sa koordinasyon ng pangangalaga
- Pagtuturo tungkol sa kalusugan

Ang Programa Pagkatapos Manganak – makakuha ng hanggang \$100 sa mga gift card!

Hinihikayat ng programang ito ang mga pagpapatingin pagkatapos manganak at para sa malusog na sanggol. Makakatanggap ang mga miyembro ng \$50 na gift card para sa bawat isa sa kanilang 2 pagsusuri pagkatapos manganak (\$100 sa kabuuan) sa pagitan ng 7 hanggang 84 na araw pagkatapos ng panganganak.

Makakakuha ka rin ng:

- Isang tawag sa pagtanggap kapag naipanganak na ang iyong bagong sanggol
- Hanggang sa 2 tawag sa telepono sa pag-check in sa buong programa
- Tulong para maitala ang iyong sanggol sa Medi-Cal

Ang Growing Together Program

- Suporta para sa mga pagpapatingin pagkatapos manganak at para sa malusog na sanggol
- Mga referral sa koordinasyon ng pangangalaga
- Pagtuturo tungkol sa kalusugan

Ang Healthy Baby Program – makakuha ng hanggang \$200 dolyar sa mga gift card!

Hinihikayat ng programang ito ang mga pagpapatingin para sa malusog na sanggol.

Makakatanggap ang mga magulang o tagapag-alaga ng \$25 na gift card bawat isa para sa pagdadala sa kanilang sanggol sa mga sumusunod na pagpapatingin:

- 2 pagpapatingin para sa malusog na bata bago ang 3 buwan
- 2 pagpapatingin para sa malusog na bata bago ang 9 na buwan
- 2 pagpapatingin para sa malusog na bata sa pagitan ng 9-15 buwan
- 2 pagpapatingin para sa malusog na bata sa pagitan ng 15-30 buwan

Maaaring makatanggap ang mga magulang o tagapag-alaga ng dagdag na \$100 sa mga gift card kung makatanggap ang kanilang sanggol ng lahat ng kinakailangang bakuna, kabilang ang 2 bakuna laban sa trangkaso, sa 24 na buwan ng edad. Kailangang maisumite ang talaan ng bakuna sa Departamento ng Kalusugan ng Populasyon ng Partnership. Tawagan kami upang maitala ang iyong sanggol sa sandaling makakuha siya ng Partnership.

Makakakuha ka rin ng:

- Isang tawag sa pagtanggap
- Mga referral sa koordinasyon ng pangangalaga
- Mga tawag sa pag-check in sa 3, 7, 14, 22, 26, at 30 buwan
- Suporta para sa mga pagpapatingin para sa malusog na sanggol at ang mga inirerekomendang screening at bakuna

Para malaman ang higit pa at mag-sign up para sa Growing Together Program, tumawag sa amin sa **(855) 798-8764**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. Maaari ka ring mag-email sa amin sa PopHealthOutreach@partnershiphp.org.

Hindi binabago ng abisong ito ang iyong mga benepisyo sa Partnership o hindi ka pinipigilan nito sa pagkuha ng pangangalagang kailangan mo.